# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 01, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 070924 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

RECORDED 09 JUL 2024 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 283-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 074-T2024/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 001-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA AMPUNIN ANG KAUTUSANG BAYAN BLG. 280-T2002 NA NAGKUKUPKOP SA PANUNTUNAN NG PAGPAPATUPAD SA PAMAMAHALA NG BASURA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang kapasiyahan / kautusan ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na binabanggit sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** nilalayon ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na magkaroon ng panuntunan ng pagpapatupad sa umiiral na Kautusang Bayan upang magsilbing gabay para sa pagsasaalang-alang ng naturang kautusan;

**SAPAGKAT**, ang nasabing kapasiyahan / kautusan ay iniliwat sa Lupon sa Kautusan at Batas, Lupon sa Barangay Affairs at Lupon sa Likas-Yaman at Kapaligiran para sa pagsusuri at pagtalakay;

**SAPAGKAT,** ang pagkupkop ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan sa umiiral na Kautusang Bayan ay tugon upang mapamahalaan nang wasto ang kalinisan ng kapaligiran kaya't inirekomenda ng lupon na pagtibayin ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas at Lupon sa Barangay Affairs), na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Alan T. Pamatmat at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 074-T2024 / Kautusang Barangay Blg. 001-T2024 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na ampunin ang Kautusang Bayan Blg. 280-T2002 na nagkukupkop sa panuntunan ng pagpapatupad sa pamamahala ng basura sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, at Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 01, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

7/8/24 3:37